Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

7'ch
11-17-11

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG NOBYEMBRE 8, 2011, ARAW NG MARTES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 263-T2011

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET NG BARANGAY GATID NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN SIYAMNAPU'T SIYAM NA LIBO ISANG DAAN ANIMNAPU'T PITONG PISO AT TATLONG SENTIMOS (P199,167.03) MULA SA EXCESS NG INTERNAL REVENUE ALLOTMENT (ENERO-SETYEMBRE 2011) UPANG ILAAN SA 20% DEVELOPMENT FUND (P39,833.41); 10% SK FUND (P19,916.70); 5% CALAMITY FUND (P9,958.35); ILUMINASYON / MERALCO (P64,000.00); OFFICE SUPPLIES (P5,458.57); GASOLINE, OIL AND LUBRICANTS (P50,000.00) AT GRANTS AND DONATIONS (P10,000.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Karagdagang Badyet ng Sangguniang Barangay ng Gatid sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 81-T2011 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 3-T2011 na nagpapatibay ng halagang P199,167.03 mula sa Excess ng Internal Revenue Allotment (Enero-Setyembre 2011) upang ilaan sa mga programang nakasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga alituntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laura P. Obligacion (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw, Jun M. Asinas, Serafin C. San Juan, Jr. at Ramon D. Tan at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Karagdagang Badyet ng Barangay Gatid na nagkakahalaga ng P199,167.03 mula sa Excess International Revenue Allotment (Enero – Setyembre 2011) upang ilaan sa 20% development Fund (P39,833.41); 10% SK Fund (P19,916.70); 5% calamity fund (P9,958.35); Iluminasyon/ Meralco (P64,000.00); Office Supplies (P5,458.57); Gasoline, Oil and Lubricants (P50,000.00) at Grants and Donations (P10,000.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Gatid, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Nobyembre 8, 2011.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan